



Wm. WRIGLEY Jr. Company
MGA ALITUNTUNIN PARA SA KILOS SA
PAGNEGOSYO
(CODE OF BUSINESS CONDUCT)

PAMBUNGAD

Mula nang itinatag ang Wrigley Company, nangako ito sa may nararapat na kaugalian sa negosyo, katapatan, makatarungang pakikitungo, at buong pagtupad ng lahat ng mga batas na umaapekto sa negosyo ng Kompanya. Ang mga kasosyo sa Wrigley sa buong mundo na nagpapanatili at nagpapatuloy ng pangako na ito ay mahalaga para sa ating mga kaugalian.

Sa mga nakaraang taon, walang ipinagbago ang mga pamantayan at pinahahalagahan (values) ng Kompanya. Ang MGA ALITUNTUNIN PARA SA KILOS SA PAGNEGOSYO na ito ay isang pinaikling bersiyon ng pandaigdig na mga prinsipyo at kaugalian ng Kompanya hinggil sa tamang kilos ng Kompanya sa negosyo at ito ay nasa Patnubay Para sa Pagtupad sa Kompanya (Corporate Compliance Guide) -- isa lamang sa mga naglalaman nito.

LAYUNIN

Tatlo ang layunin ng MGA ALITUNTUNIN PARA SA KILOS SA PAGNEGOSYO na ito: una, upang magbigay ng mga malinaw na pagpapaliwanag ng mga mahahalagang katangian para sa ating mga relasyon sa negosyo, pangalawa, upang bigyan kayo ng mga paraan na magagaya ninyo sa inyong pang-araw-araw na mga gawain, at pangatlo, upang bigyan kayo ng paraan upang mag-ulat, nang hindi nagbibigay ng pangalan kung gusto ninyo, ng anumang mga paglabag o mga inaakalang paglabag sa MGA ALITUNTUNIN PARA SA KILOS SA PAGNEGOSYO o iba pang mga patakaran ng kompanya. Hindi masasaklaw ng MGA ALITUNTUNIN PARA SA KILOS SA PAGNEGOSYO ang lahat ng mga sitwasyon na maaring mangyari. Isinaayos lamang ito upang bigyan kayo ng mapapagsanggunian o mapagbabatayan para sa inyong mga gawain.

May apat na bahagi ang MGA ALITUNTUNIN PARA SA KILOS SA PAGNEGOSYO:

- 1. ANG ATING MGA PARE-PAREHONG PINAHAHALAGAHAN (SHARED VALUES)**
- 2. MGA PRINSIPYO NG KILOS SA PAGNEGOSYO**
- 3. MGA KAUGALIAN SA NEGOSYO**

4. PAMAMAHALA Hindi masasaklaw at hindi hangarin ng pangkalahatang uri ng MGA ALITUNTUNIN na saklawin ang lahat ng mga maaaring mangyari. Ngunit ito ay gagamitin bilang mapagkukunan ng impormasyon at bilang patnubay sa inyong pang-araw-araw na trabaho.

Ang Ating mga Pare-parehong Pinahahalagahan (Shared Values)

Ipinagmamalaki natin ang pagiging bahagi ng WRIGLEY Company, at pinagsisikapan natin ang kanyang pangmatagalang tagumpay. Nangangako tayo sa ating mga pare-parehong pinahahalagahan at umaasa tayo sa kanila upang patnubayan ang ating kilos.

- Pinahahalagahan natin ang isa't-isa nang may **tiwala, karangalan** at **may paggalang**.
- Lumilikha tayo ng isang kapaligiran kung saan epektibong nagtrabaho nang sama-sama ang mga tao mula sa **iba't-ibang kultura** at **lugar na pinanggalingan**.
- Sinusuportahan natin at may lakas-loob tayong **magtangkang gawin nang maingat ang mga hindi pa nagagawa**.
- Kumikilos tayo nang **mabilis** nang hindi sinasakripisyo ang **kahusayan**.
- Itinataguyod natin ang mga pagbabago sa lahat ng dako ng ating negosyo.
- Sinisikap natin ang **epektibong komunikasyon** na nagdudulot ng pagtutulungan nang magkakasama, ipinapamahaging kaalaman at mga kuru-kuro.
- **Nagsisikap tayo nang husto** upang makuha, makilala, makuha bilang empleyado at mapanatili ang **pinakamahusay na tao** para sa bawat trabaho.
- Itinataguyod natin ang **habang-buhay na kaalaman** at **pansariling pag-unlad**.
- Hinihimok natin ang indibidwal na **pamumuno, katungkulan** at **pananagutan**.
- Hinihiling natin sa ating sarili ang **mga mataas na pamantayan ng tamang pagkilos**. • Pinapaunlad natin ang **mga pangmatagalang relasyon** para sa **pag-unlad ng isa't-isa** at para **kumita**.

Mga Prinsipyo ng Kilos sa Pagnenegosyo

Ang mga sumusunod na mga Prinsipyo ay para sa Wm. Wrigley Jr. Company at sa lahat ng kanilang mga kaugnay na kompanya at pagsasagawa sa loob at labas ng bansa, at sa lahat ng kanyang mga Direktor, Opisyal, at kasosyo (full time o part time).

1. Ang bawat kasosyo sa Wrigley ay may obligasyon na kumilos alinsunod sa pinakamataas na mga pamantayan para sa paraang pagnenegosyo, na makipagkasundo nang makatarungan sa lahat ng mga tauhan, at sumunod sa lahat ng mga PRINSIPYO NG KILOS SA PAGNEGOSYO na ito at sa lahat ng mga patakaran sa Kompanya.
2. Ang lahat ng mga pangangatawan na ginawa ng isang kasosyo sa Wrigley para sa Kompanya ay dapat totoo, kompleto, at wastung-wasto.
3. Ang lahat ng kompidensyal na impormasyon ng kompanya ay pananatilihin sa loob ng Kompanya maliban sa kinakailangan upang angkop na isagawa ang negosyo ng Kompanya.
4. Ang mga kasosyo sa Wrigley ay hindi bibili o magbebenta ng puhunan (securities) o interes sa ari-arian ng Kompanya o iba pang organisasyon batay sa di-pampublikong impormasyon (non-public proprietary information) na nakukuha sa kanilang trabaho.
5. Ang mga pag-aari ng Kompanya ay gagamitin lamang para sa mga layunin na angkop sa ilalim ng batas ng Estados Unidos at mga batas sa bansa kung saan tayo nagnenegosyo.
6. Walang itatatag na pag-aari o pondo at walang tatapusin na transaksyon maliban kung angkop na itinala at ibinunyag.
7. Ang lahat ng mga ipinapasok sa mga libro at mga talaan ng Kompanya ay dapat totoo, kompleto at wasto, alinsunod sa karaniwang tinatanggap na mga prinsipyo sa pagtutuos (accounting), at walang mga nakakaligtaan.
8. Ang lahat ng mga kahilingan sa pag-aproba para sa kabayaran, at lahat ng mga kabayaran, ay dapat para lamang sa angkop na (mga) layunin at ayon lamang sa nakatala sa dokumentasyon na sumusuporta sa pag-aproba o kabayaran na iyon.
9. Ang mga kabayaran o mga deposito para sa mga obligasyon para sa mga bagay at mga serbisyo ay gagawin sa bansa kung saan tinanggap ang mga bagay o mga serbisyo o kung saan sila nanggaling, at gagawin ito sa paraan na wasto, alinsunod sa transaksyon, at hindi inilalagay o 'di-mukhang inilalagay ang Kompanya sa posisyon na maaring magpakahulugan na ang Kompanya ay tumutulong o umuudyok sa pag-iwas ng buwis o pamamahala ng pananalapi (currency control).

10. Hindi maaring magbigay ng kabayaran, tuwiran man o hindi, sa kahit sinomang opisyal ng pamahalaan bilang kapalit sa magandang pagtrato.

11. Ang mga kasosyo at mga kasapi ng kanilang malapit na pamilya ay hindi tatanggap o mag-aalok ng kahit anong uri ng mahalagang kabayaran mula o para sa isang prinsipal, pinaglilingkuran o kasapi ng pamilya ng kahit sinong tao na ang organisasyon ay isang kostumer, kakompetensiya, tagatustos (supplier) o gustong makipagnegosyo sa Kompanya. Hindi kasama dito ang mga paminsan-minsang regalo o serbisyo na nagkakahalaga ng wala pang US\$300 at makatwiran at 'di-madalas na libangan na saklaw ng panlipunang kabutihang-loob, karaniwang pagsagawa ng negosyo, at sentido kumon.

12. Ang mga kasosyo na kabilang sa pamimili ng mga bagay o mga serbisyo para sa Kompanya at mga kasapi ng kanilang malapit na pamilya ay hindi mamumuhunan at hindi magkakaroon ng anomang interes na pananalapi sa kahit anong organisasyon na kasosyo ng Kompanya o gustong makipagnegosyo sa Kompanya, maliban kung ang interes na pananalapi ay wala pang 1% ng binebentang sapi (stock) ng isang kompanyang nakalista sa stock exchange. Walang kasosyo na kabilang sa pamimili ng mga bagay o mga serbisyo para sa Kompanya at mga kasapi ng kanilang malapit na pamilya ang tatanggap ng anumang personal na tulong sa pananalapi mula sa anumang organisasyon na kasosyo ng Kompanya o gustong makipagnegosyo sa Kompanya.

13. Walang pondo o pag-aari ng Kompanya ang maaring ibigay bilang kontribusyon o maaring gamitin upang suportahan ang kahit sinumang politikong kandidato o politikong partido. At walang kasosyo ng Kompanya ang uututang magbigay ng kontribusyon o uututang tumulong sa anumang politikong kandidato o politikong partido.

14. Dapat sumunod ang lahat ng mga kasosyo ng Kompanya sa lahat ng mga karapat-dapat at angkop na pamantayan ng kilos sa pagnenegosyo, mga batas at mga regulasyon kung saan sila nakatira o bumibisita.

15. Walang kasosyo ang makikipagkompetensiya nang tuwiran o 'di-tuwiran sa Kompanya.

16. Walang kasosyo ang kukuha ng anomang oportunidad na pag-aari ng Kompanya upang personal na makinabang.

Ang bawat manager ay mananagot upang siguruhin ang pag-unawa at pagtupad sa mga PRINSIPYO na ito. Ang sinumang may katanungan o pag-aalala tungkol sa kahulugan o tangka ng MGA PRINSIPYO na ito o may anumang duda tungkol sa propriyedad ng anumang aksiyon o hinahangad na aksiyon ay may obligasyong makipag-alam sa mga sumusunod na tao: kahit sinong panloob na awditor, sa Chief Financial Officer, sa Corporate Secretary, sa General Counsel ng Kompanya (na siyang Opisyal ng Kompanya para sa Kilos sa Pagnenegosyo) o Tagapangulo ng Audit Committee ng Lupon ng mga Direktor. At ang sinuman na nakakaalam o naghihinala ng paglabag sa MGA

PRINSIPYO na ito o sa pamamaraan ng Kompanya ay may tungkulin at obligasyon na iulat ang ganoong impormasyon sa isa sa mga taong binanggit sa itaas. Bilang alternatibo, ang kahit sinoman ay maaring mag-ulat nang hindi nagbibigay ng pangalan sa pamamagitan ng pagtawag sa Compliance and Ethics Hotline sa 1-800-210-1458.

Upang tawagan ang Hotline mula sa labas ng Estados Unidos, gamitin ang AT&T Direct Access na Numero para sa iyong bansa. Ang mga numero ay nasa web site ng Kompanya.

ANTIBOYCOTT/EXPORT/IMPORT

Ipinagbabawal ng batas ng Estados Unidos na pumasok ang mga kompanya ng Estados Unidos, ang kanilang mga sangay (subsidiaries) at kaugnay na mga kompanya, maging sa labas o sa loob ng bansa, sa mga kasunduan na sumusuporta sa anumang banyagang boycott na 'di-pinahintulutan ng pamahalaan ng Estados Unidos. Ipinagbabawal din ng batas na makipagkasundo ang mga kompanya ng Estados Unidos, ang kanilang mga sangay (subsidiaries) at kaugnay na mga kompanya, maging sa labas o sa loob ng bansa, sa mga bansa at mga grupo na ari o pinamamahalaan ng mga bansa kung saan may utos ang Estados Unidos na huwag pumasok sa pangangalakal (trade embargo).

Paminsan-minsan ay maaring mag-utos ang Estados Unidos ng mga trade embargo at iba pang paghihigpit sa komersiyo sa ilang bansa. Paraan ng Kompanya na tuparin ang alinman sa mga pahintulot na ito. Paminsan-minsan ay ipapahayag ng Law Department sa inyo ang mga pahintulot na ito at anumang pagbabago sa kanila.

Kailangang iulat kaagad sa General Counsel ng Kompanya o sa kahit sinong kasapi ng Law Department ang lahat ng mga kahilingan mula sa isang partido sa labas ng Kompanya (third party) na may anumang kinalaman sa isang boycott o embargo o na sa palagay ninyo ay mapaghihinalaan.

ANTITRUST

May mga antitrust at competition laws sa buong mundo. Karaniwang ginagawa ang mga ito upang siguruhin ang isang makatarungan at may-paligsahang malayang komersiyo. Kaya't labag sa batas ang anumang nakasulat o pasalitang kasunduan o pag-aareglo, ipinahayag man o ipinahiwatig, na 'di-makatwirang pumipigil o maaring pumigil sa kompetisyon. Dati na at patuloy pa ring pamaraan ng Wrigley Company ang mahigpit na pagtupad ng lahat ng mga kasosyo sa kasulatan at diwa ng lahat ng angkop na antitrust at competition laws saan man tayo nagnenegosyo.

Ang dalawang dako kung saan malamang-na-malamang maaring magkaroon ng antitrust ay:

1. Mga kasunduan at pakikipag-alam sa mga kakompetensiya, at
2. Mga relasyon sa mga kostumer at mga tagatustos (suppliers).

Ang ilan sa mga pinakamalubhang problema sa antitrust ay nangyayari sa mga magkakompetensiya. Kasali dito ang mga kasunduan upang itakda ang mga presyo; hatiin ang mga kostumer, mga teritoryo o mga lugar ng komersiyo; o limitahin ang paggawa o pamamahagi.

Kailangang magpasiya lagi ang Wrigley Company sa mga bagay na ito nang malaya (ibig sabihin, nang hindi nakikipag-usap tungkol dito sa kahit sinong kakompetensiya, kostumer o tagatustos).

Sa kasamaang palad, kahit na ang pakikipag-ugnay lamang sa kakompetensiya ay maaring mapagsuspetsahan na anti-competitive. Kailangang limitahin ang mga pakikipag-ugnay na ito, at kung kinakailangan o naaangkop, kailangan sila pamahalaan nang maingat.

Pinapayagan ang pagkakasapi sa trade groups ngunit ito ay malamang na pagkakataon upang makipag-ugnay sa mga kakompetensiya. Ang trade groups ay nagbibigay ng mahalagang pagkakataon upang makipagpalitan ng impormasyon na tiyak para sa industriya. Ngunit ito rin ay isang lugar kung saan madali makipagpalitan ng impormasyon na magagamit ng kakompetensiya. Kaya't kailangan ninyo ng karagdagang pag-iingat kung lalahok kayo sa mga pagpupulong ng trade group. Ang isang paraan upang protektahan ang grupo ay ang pagdalo sa mga pagpupulong na ito ng abogado (counsel) na ipinagkaloob ng trade group. Bago dumalo sa alinman sa mga pagpupulong na ito, alamin muna kung lalahok ang abogado para sa grupo. Kung hindi nagkakaloob o hindi magkakaloob ang trade group ng abogado para sa mga pagpupulong, kailangan ninyo makipag-ugnay sa Law Department upang humingi ng payo.

Sa anumang sitwasyon, ngunit lalo na sa mga pagpupulong ng trade group, kailangang mag-ingat nang husto ang mga kasosyo upang hindi magbunyag ng impormasyon tungkol sa mga listahan ng kostumer, mga presyo, mga plano sa produkto, mga market survey, at ang mga gaya nito. Kahit na ang palitan ng impormasyon tungkol sa benchmarking ay maaring makagulo at dapat pag-isipan at pagbalik-aralan nang maingat ng isang kasapi ng Law Department bago magbigay ng anumang impormasyon sa isang kakompetensiya.

Kung ang kausap na kakompetensiya ay nagtanong tungkol sa alinman sa mga paksa na ito, kailangan ninyong sabihin sa kakompetensiya na hindi ninyo tatalakayin ang mga paksang ito at pagkatapos ay magpaalam at huminto na ng pakikipag-usap.

Hinggil sa mga kostumer, ang karaniwang paglabag sa antitrust ay isang pagsubok na pamahalaan ang presyo ng muling pagbenta (resale price) ng ating produkto (ito ay tumutukoy maging sa benta ng Kompanya sa kanyang kostumer o mula sa kostumer para sa retailer). Maaring imungkahi ng Kompanya ang presyo ng muling pagbenta sa isang kostumer, ngunit ang kostumer ay dapat karaniwang malaya na magtakda ng presyo na gusto niya.

Sa pangkalahatan, sa Estados Unidos, kailangang ibenta ng Kompanya ang kanyang mga produkto sa lahat ng mga kostumer sa parehong mga kasunduang kondisyon. Kahit na maaring naiiba ang mga alituntunin sa labas ng Estados Unidos, umaaplay ang parehong mga prinsipyo ng pagiging makatarungan at ng pagtupad ng panlokal na batas. Ngunit maaring ibahin ng Kompanya ang mga tadhana at kondisyon kung ito ay tunay na kinakailangan upang makipagkompetensiya at kung ang inibang mga kasunduang

kondisyon ay may tunay na pangkomersiyong dahilan (tulad ng bawas prosyento sa maramihang pagbili (volume discount)).

Mahirap unawain ang mga batas na antitrust at ang kanilang pangangailangan ay talagang iba-iba sa bawat bansa. Kaya't talagang mahalaga na humingi ng payo mula sa Law Department ng Kompanya bago magsagawa o sumang-ayon sa anumang kasunduan na maaring mapaghinalaan o kung saan kayo may duda o pag-aalala.

PAGLALAGAY (BRIBERY)

Ipinagbabawal ng kompanya ang magbigay ang kasosyo sa isang kostumer, tagatustos o opisyal ng pamahalaan, o ang tumanggap ang kasosyo mula sa mga ito, ng anumang bagay na may malaking halaga upang kunin o panatilihin ang negosyo para o sa ngalan ng Kompanya. Ngunit ang mga maliliit na regalo na karaniwang kabutihang-loob at nasasaklaw ng karaniwang kaugalian sa pagnenegosyo ay pinapayagan ng Kompanya (ngunit ang mga opisyal ng pamahalaan ay maaring may mga mahigpit na pamamaraan laban sa pagtanggap ng kahit anong may halaga mula sa isang tagatustos o tagabenta).

Kung mayroong anumang duda kung ang isang tanging transaksyon ay nasasaklaw ng mga KAUGALIAN SA PAGNEGOSYO na ito, o ibang pamamaraan ng Kompanya, o ng batas, kailangan muna ninyong makipag-ugnay sa General Counsel ng Kompanya o kahit na sinong kasapi ng Law Department upang humingi ng payo.

COMPUTER/E-MAIL/INTERNET

Karaniwang pananagutan ng lahat ng mga kasosyo ang siguruhin na ang teknolohiya na ipinagkaloob ng Kompanya ay gagamitin sa isang paraan na sang-ayon sa mga kaugalian at mga pamamaraan ng Kompanya. Ang lisensyado o biniling computer software ay hindi kinokopya nang walang pagpapahintulot ng tagapaglisensiya. Ang Kompanya ay babanggitin ng software na ginawa ng Kompanya, para sa Kompanya o sa ngalan nito, bilang may-ari ng intellectual property.

Ang mga computer, mga sistema ng computer at komunikasyon, mga telepono, fax machines, pansariling kagamitan para sa komunikasyon, at kaugnay na mga serbisyo (tulad ng access sa Internet at voice mail), ay ipinagkaloob bilang kagamitan upang mabigyan ng pagkakataon ang bawat kasosyo na gawin nang mas mahusay ang mga kinakailangang tungkulin at upang suportahan ang mga hangarin at layunin ng Kompanya. Ang lahat ng mga sistema at kagamitan ay tanging pag-aari at mananatiling tanging pag-aari ng Kompanya. Sa mga karaniwang oras ng pagnenegosyo, kailangang gamitin ang mga sistema at kagamitan na ito para sa mga angkop na gawain sa negosyo ng Kompanya. Pagkatapos ng mga karaniwang oras ng pagnenegosyo, maaring gamitin ng mga kasosyo ang mga sistema at kagamitan para sa kanilang sariling layunin kung ito'y walang karagdagang gastos sa Kompanya.

Hindi maaring gamitin ng mga kasosyo ang ipinagkaloob na teknolohiya ng Kompanya para sa anumang mga komunikasyon, papasok man o palabas, na labag sa batas, sumasalakay, may-itinatangi, nanliligalig, nananakot o masagwa. Ipinagbabawal ang

panghihingi (solicitation) ng 'di-Kompanyang negosyo o anumang gamit ng mga sistema o kagamitan ng Kompanya (halimbawa, Internet o e-mail) para sa sariling pakinabang.

Ang mga kasosyo ay walang karapatan, at dapat hindi asahang magkaroon ng karapatan, sa pagkapribado ng nilalaman o nagdaraan sa mga computer o sistema ng Kompanya, kasama na ang e-mail, voice mail, mga koneksiyon sa telepono at Internet. Maaring tingnan o buksan ng Kompanya ang software, files, mga dokumento o mga komunikasyon na nakatago sa pag-aari nito o sa mga sistema nito, kasama na ang personal computers, upang siguruhin ang angkop na paggamit at upang pigilin ang paglabag sa seguridad.

Kailangang tandaan ng mga kasosyo na ang impormasyon na ipinapadala sa pamamagitan ng Internet o kahit na sa sistema ng e-mail ng Kompanya ay hindi maituturing na kompidensiyal (secure) o may pribilehiyo (privileged). Kung inutusan kayong panatilihin mahigpit na kompidensyal ang isang file, tandaan na kung hindi ninyo ito ipamamahagi bilang hard copy, hindi rin ninyo dapat ipadala ito sa e-mail.

PAGIGING KOMPIDENSIYAL

Paminsan-minsan, habang sila ay empleyado, maaring makakuha ang mga kasosyo ng kompidensiyal na impormasyon tungkol sa negosyo at mga gawain ng Wrigley Company o iba pang kompanya kung kanino sila may relasyon. Ang kompidensiyal na impormasyon na ito, nakasulat man o pasalita, ay mahalagang pag-aari ng sinabing kompanya at kailangang angkop na pag-ingatan.

Ang kompidensyal na impormasyon ay karaniwang impormasyon tungkol sa kompanya na hindi karaniwang nalalaman ng publiko at nagbibigay ng kaalaman sa kakompetisyon sa komersiyo. Karaniwang kasali o kaugnay sa impormasyon na ito ang mga plano ng pagbebenta o pagnenegosyo; mga bagong produkto, mga pananalaping impormasyong na 'di-pampubliko; mga pagbabago sa pangangasiwa o pamamahala; pagtaas o pagbawas ng dibidendo; malawak na paghahabla o mga pagtutunggali sa mga kasosyo; mga listahan ng kostumer o tagatustos; pending patents o trademarks; mga plano o mga programa sa pagsasaliksik at pagsulong; mga pagsasama ng kumpanya (mergers), pagbili (acquisitions) o divestitures; at joint ventures.

Simple ang mga alituntunin ukol sa kompidensyal na impormasyon na ito.

Kayo ay:

1. Hindi dapat magbunyag ng ganitong impormasyon sa labas ng Wrigley Company.
2. Hindi dapat gumamit ng ganitong impormasyon para sa sariling pakinabang sa pananalapi o pakinabang sa pananalapi ng mga kamag-anak ninyo.
3. Hindi dapat magbahagi ng ganitong impormasyon sa iba para sa kanilang benepisyo o pakinabang sa pananalapi.

4. Magbabahagi ng ganitong impormasyon sa iba lamang na kasosyo sa Wrigley na talagang “dapat makaalam nito.”

5. Dapat mag-ingat kapag pinag-uusapan ninyo ang negosyo ng Kompanya sa mga publikong lugar.

Upang mabisang isagawa ang negosyo ng Kompanya, maaring kailangang ipasa ang ilang kompidensyal na impormasyon sa ibang partido (third parties). Sa ganitong kaso, dapat kayong makipag-ugnay sa kahit sinong kasapi ng Law Department na gagawa ng kasunduan na magprotektang sa inyo, sa Kompanya, at sa impormasyon.

Karaniwang binibigyan ng pribilehiyo at tinuturing na kompidensyal ang mga pakikipagtalakayan sa mga abogado ng Kompanya at hindi ito dapat italakay sa iba. Ang pagbunyag ay maaring mauwi sa kusang pagtalikod (waiver) ng pribilehiyo na ito at sa posibleng pinsala sa mga interes ng Kompanya.

Ang tungkuling panatilihin ang kompidensyal ang impormasyon ay umiiral habang kayo ay empleyo sa Kompanya at pagkatapos nito. Hindi ninyo maaring kopyahin, kunin, o itago nang sarili ang anumang kompidensyal na impormasyon kahit kailan. Kung hindi kayo sigurado kung ang impormasyon ay kompidensyal o kung paano ito pamamahalaan, makipag-ugnay sa inyong superbisor o kahit sinong kasapi ng Law Department.

MGA PAGTUTUNGALI NG INTERES (CONFLICTS OF INTEREST)

Mahalagang iwasan ng bawat kasosyo ang anumang sitwasyon na itrato o maaring itrato bilang “pagtutunggali ng interes.” Sa pangkalahatan, ang isang “pagtutunggali ng interes” ay isang sitwasyon na may kinalaman sa negosyo ng Kompanya na magbebenepisyo o maaring magbebenepisyo, o mukhang nagbebenepisyo sa kasosyo nang hindi angkop sa kasosyo o iba pang partido, karagdagan sa anumang benepisyo na maaring matanggap ng Kompanya.

Halimbawa, ang isang kasosyo o isang kasapi ng tahanan o pamilya ng kasosyo ay hindi maaring maging opisyal o direktor ng isang kostumer o tagatustos ng Kompanya. Kung hindi kayo sigurado kung ang isang sitwasyon ay isang pagtutunggali ng interes o hindi, dapat kayong makipag-ugnay sa kahit sinong awditor sa loob ng Kompanya o kahit sinong kasapi ng Law Department.

ANG PAKIKIPAGNEGOSYO SA ISANG PAMAHALAAN O (MGA) OPISYAL NG PAMAHALAAN

Ang lahat ng mga kasosyo na nakikipagnegosyo sa isang pederal, estado, o panlokal na pamahalaan, maging sa loob ng bansa o sa labas ng bansa, ay dapat sumunod sa lahat ng mga batas, alituntunin at mga regulasyon na angkop sa ganitong relasyon.

Sa buong mundo, may mga mahigpit na alituntunin ukol sa pagbigay sa kahit sinong opisyal ng pamahalaan o pagtanggap mula sa kanya ng libangan, mga regalo at mga pabuya. Maari lamang ninyo gamitin ang mga tunay at angkop na paraan upang makuha ang negosyo ng kahit aling pamahalaan o ahensiya ng pamahalaan.

Labag din sa batas ang gumawa ng kahit anong mali o hindi totooong pahayag o mga kahilingan o kabayaran sa isang pamahalaan.

Ang mga kasalukuyan at dating opisyal ng pamahalaan ay napapasailalim sa mga mahihigpit na alituntunin hinggil sa kanilang kakayahang kumuha ng trabaho sa labas ng pamahalaan. Kailangang makipagkonsulta sa Corporate Secretary o General Counsel ng kompanya (na siyang Opisyal ng Kompanya para sa Kilos sa Pagnenegosyo) bago makipag-usap sa kahit sinong kasalukuyan o dating opisyal ng pamahalaan tungkol sa empleyo sa Kompanya o sa ngalan nito.

MGA RELASYON NG KASOSYO

Ang Kompanya ay nagnenegosyo sa isang kapaligiran na puno ng kompetisyon. Pataas nang pataas ang mga hinihinging kahusayan at ang mga pamantayan para dito. Ngunit walang dahilan upang hindi sundin ang mga pamaraan ng Kompanya.

Magbibigay ang Wrigley Company ng pare-parehong pagkakataon para sa empleyo sa lahat ng mga tao nang walang pagsasaalang-alang sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian, bansang pinanggalingan, edad, katayuan ng pamilya (marital status), kapansanan, katayuan bilang beterano (veteran status), o pagkamamamayan. Pamamahalaan ng Kompanya ang kanyang mga pantauhang pamamaraan sa isang walang-kinikilingang paraan sa lahat ng mga bagay na may kaugnay sa pagkuha ng empleyado, pagsasanay (training), pagsusuweldo, mga benepisyo, pag-asenso ng trabaho, paglipat, layoffs, pagbalik sa trabaho mula sa layoff, mga programa ng pagtuturo na itinataguyod ng kompanya, at sa lahat ng pagtrato sa trabaho.

Pinangangako ng Wrigley Company ang isang kapaligiran sa trabaho na malaya sa anumang uri ng panliligalig, kasama na ang sekswal na panliligalig. Hindi kokonsinti ang Kompanya sa anumang pagkilos na panliligalig o maaring ipalagay na panliligalig, mula sa administratibo o 'di-administratibo na tauhan.

Ang sekswal na panliligalig ay karaniwang ipinapaliwanag na anumang 'di-gustong sekswal na paglapit, mga kahilingan para sa mga sekswal na gawain, at iba pang pasalita o pisikal na kilos na sekswal, lalo na kapag ang layunin o epekto ng ganoong panliligalig ay humahadlang sa anumang paraan sa relasyon ng kasosyo sa Kompanya o lumilikha ng isang nakakatakot, katunggali o sumasalakay na kapaligiran sa trabaho.

Ang labag sa batas na pagbenta, pagbili, paggamit ng droga o ang pagiging durogista o lasing habang nagtrabaho para sa Kompanya o habang nasa pag-aari ng Kompanya ay wala sa pinaka-interes ng Kompanya.

KAPALIGIRAN, KALIGTASAN AT KALUSUGAN

Pinangangako ng Wrigley Company na poprotektahan nito ang kapaligiran, magkakaloob ito ng isang ligtas na lugar ng trabaho para sa kanyang mga kasosyo at pipilitin nitong sundin ng mga kasosyo ang mga ligtas na kaugalian sa trabaho.

Hinggil dito, susunod ang Kompanya sa lahat ng mga pederal, estado at lokal na batas hinggil sa kapaligiran at kaligtasan at kalusugan ng kanyang mga kasosyo sa mga bansa kung saan nagnenegosyo ang Kompanya.

Patuloy na mahigpit na pamamaraan ng Wrigley Company ang pagtaguyod nang buong sigla sa mga ligtas na kaugalian na nakakatulong sa pag-iwas ng mga aksidente at pinsala na may kinalaman sa trabaho. Sa katagalan ng lahat ng mga trabaho at gawain, angkop na gagawa, magpapanatili, at magpapahayag ng mga komprehensibo, tuluy-tuloy, pang-iwas (preventive), at pangangalaga (protective) na programa.

Susundin ang mga Pamantayan sa Kapaligiran, Kaligtasan at Kalusugan ng Kompanya sa lahat ng mga pasilidad ng Wrigley. Ngunit obligasyon at pananagutan din ng bawat kasosyo na itaguyod araw-araw ang kalidad ng kapaligiran at kaligtasan ng kanyang lugar ng trabaho.

MGA BATAS UKOL SA PAGKAIN AT GAMOT

Pinangangasiwaan ng mga pederal, estado at lokal na batas sa mga bansa kung saan tayo nagnenegosyo ang paggawa at pagbenta ng mga produkto ng Kompanya upang siguruhin ang kanilang kaligtasan at kalidad. Ang mga regulasyon na ito ay maaring magpataw ng mga mahigpit na pangangailangan sa pagmarka (labeling) at sa ilang pangyayari, sa pag-aanunsiyo (advertising) ng mga produkto ng Kompanya.

Ang Wrigley Company ay susunod sa mga regulasyon na ito, at tungkulin ng bawat kasosyo na sumunod sa mga ito.

- Ang mga produkto ng Kompanya ay ligtas kapag ginamit sa hinahangad na paraan.
- Magsasagawa tayo ng angkop na pagsusuri upang malaman ang mga maaring maging panganib sa paggamit ng ating produkto.
- Magkakaloob tayo ng ligtas at epektibong packaging para sa ating produkto.
- Masipag nating ipagtatanggol ang mga karapatan ng ating kostumer sa paggamit ng ating produkto.

‘DI-PAMPUBLIKONG PATENT O MATERYAL NA ‘DI-PAMPUBLIKONG IMPORMASYON (NON-PUBLIC PROPRIETARY OR MATERIAL NON-PUBLIC INFORMATION)

Para sa mga layunin ng mga KAUGALIAN SA PAGNENEGOSYO na ito, ang “di-pampublikong patent” o “materyal na ‘di-pampublikong” impormasyon ay ang impormasyon tungkol sa Kompanya o ibang grupo na — kapag nalaman ng publiko — ay maaring makaapekto sa presyo ng sapi (stock) ng kompanya o ng pagpasiya ng isang tao na bumili, magbenta, o panatilihing hawakan ang sapi ng kompanya (kasama ang sapi ng Wrigley Company).

Ang mga uri ng impormasyon na karaniwang tinuturing na “patent” o materyal” ay:

- stock splits o stock dividends
- mga pagbabago sa pangangasiwa o pamamahala

- mga resulta sa pananalapi
- pagtaas o pagbawas ng mga dibidendo
- pag-alok sa publiko o mga pribadong pagbenta ng debt o equity securities
- mergers, pagbili (acquisitions) o mga alok o kasunduan para sa divestiture
- mga mahahalagang bagong produkto o mga natuklasan
- malawak na paghahabla o mga katunggalian sa mga kostumer, tagatustos o contractors
- mga imbestigasyon ng pamahalaan• joint ventures• ano pang ibang pangyayari na nangangailangan ng pagpadala ng ulat sa Securities and Exchange Commission

PAGKAPRIBADO

Ang pamamaraan ng pagkapribado ng Kompanya ay ginawa upang protektahan ang hindi gusto at hindi kinakailangang pagbunyag ng “impormasyon kung saan makikilala ang tao” na kinolekta ng Kompanya, maging ang impormasyon ay kinolekta tungkol sa isang kasosyo, kostumer, bisita sa web site visitor o tagatustos.

“Ang impormasyon kung saan makikilala ang tao” ay anumang impormasyon tungkol sa nakilala o makikilalang tao na nakatala sa anumang paraan.

Kinikilala at sinusuporta ng Kompanya ang pangangailangan para sa mga makatwirang proteksiyon tungkol sa pagkapribado ng ganoong impormasyon. Dahil dito, gumawa at gumamit ang Kompanya ng mga prinsipyo sa pagkapribado hinggil sa proteksiyon ng impormasyon.

Pangangasiwa

PAGIGING ANGKOP

Ang MGA ALITUNTUNIN PARA SA KILOS SA PAGNENEGOSYO ay patungkol sa lahat ng mga direktor, opisyal at mga kasosyo ng Wrigley Company at lahat ng kanyang kasosyong kompanya at mga gawain sa loob ng bansa at sa ibayong-dagat.

MGA PANANAGUTAN

Sinasalamin ng pangkalahatang programa ng pagtupad ng Wrigley Company, kung saan ang MGA ALITUNTUNIN PARA SA KILOS SA PAGNENEGOSYO ay isang mahalagang bahagi, ang magkasalukob na pananagutan ng Kompanya at bawat kasosyo na sumunod sa mga batas na sumasakop sa mga gawain ng Kompanya sa buong mundo at sumunod sa mga kaugalian ng Kompanya.

Pananagutan ng mga manager ang siguruhin na ang mga ginawang MGA ALITUNTUNIN PARA SA KILOS SA PAGNENEGOSYO, lalo na ang MGA PRINSIPYO NG KILOS SA PAGNENEGOSYO, ay malinaw na naiintindihan ng lahat sa kanilang mga kinauukulang dako at ang siguruhin ang pagtupad sa mga ito.

Ang bawat kasosyo ng Wrigley ay may obligasyon at pananagutan na sumunod sa diwa at pahiwatig ng mga ginawang ito at na pangunahang humingi ng tulong o pagpapaliwanag upang iwasan ang mga paglabag sa MGA ALITUNTUNIN o sa batas. Hindi papayagan ang anumang pagtalikod (waiver) ng anumang nasabing Mga

Alituntunin para sa kahit sinong Direktor, manager o kasosyo ng anumang kompanya nang walang paunang pahintulot ng Lupon ng mga Direktor o kaparehong namamahalang katawan ng ganoong kompanya.

Ang bawat kasosyo ay may obligasyon din, nang walang anumang takot ng higanti o pagpaparusa, na kaagad mag-ulat tungkol sa anumang nalalaman o pinaghihinalaang paglabag sa anuman sa mga sumusunod na tao: kahit sinong internal auditor, Chief Financial Officer, Corporate Secretary, General Counsel ng Kompanya (na siya ring Opisyal ng Kompanya para sa Kilos sa Pagnenegosyo) o Tagapangulo ng Audit Committee ng Lupon ng mga Direktor. Kapag naiulat na, may obligasyon na imbestigahan nang husto ang insidente at kumilos nang angkop. Ang ulat sa kahit sino sa mga taong ito ay maaring gawin sa kahit anong paraan, kasama na ang ulat kung saan hindi ibinibigay ang pangalan (anonymous). Ang lahat ng mga komunikasyon ay protektahan sa sinasaklaw ng batas. Maari rin kayo gumawa ng ulat nang hindi nagbibigay ng pangalan sa pamamagitan ng paggamit ng Hotline na serbisyo na nakasulat sa susunod na pahina. Ang mga ulat tungkol sa mga kaso ng malubhang katiwalian sa accounting, pandaraya o legal na paglabag ay ipinapadala ng Hotline sa General Counsel ng Kompanya at sa Pangulo ng Audit Committee ng Lupon ng mga Direktor ng Kompanya.

Ipagagarantiya bawat taon sa mga opisyal, manager, at iba pang may mataas na tungkuling kasosyo na naiintindihan at tinutupad nila ang mga nasabing MGA ALITUNTUNIN PARA SA KILOS SA PAGNEGOSYO, kung saan ang mga PRINSIPYO na ito ay bahagi, at mga pamamaraan ng Kompanya. Ang ilan ay hihilingin na magbigay-garantiya taun-taon na wala silang nalalamang anumang paglabag sa mga panuntunan ng accounting ng Foreign Corrupt Practices Act.

MGA KATANUNGAN

Upang sumunod nang husto sa diwa at pahiwatig ng MGA ALITUNTUNIN na ito, mahalagang maintindihan ninyo ito. Hinihimok kayong magtanong hindi lamang tungkol sa kahulugan ng mga nasabing MGA ALITUNTUNIN ngunit kung duda kayo sa propriyedad ng anumang minumungkahing transaksyon, pangyayari o gawain. Mas maigi ang kumuha ng impormasyon tungkol sa minumungkahing pagkilos bago ng pangyayari sa halip na malaman pagkatapos ng pangyayari na ang gawain ay labag sa MGA ALITUNTUNIN o sa batas.

ANG MATATAWAGANG HOTLINE

Kung mayroon kayong anumang katanungan o kung gusto ninyong mag-ulat ng anumang mga paglabag o pinaghihinalaang paglabag at ayaw ninyong makipag-usap sa isa sa mga taong dating binanggit, maari kayong tumawag sa libreng telepono ng Compliance and Ethics Hotline sa 1-800-210-1458 kahit anong oras, araw man o gabi, pitong araw bawat linggo. Ang serbisyo na ito ay sinasagot ng mga espesyalista sa komunikasyon na hindi empleyo ng Wrigley. May mga tagasalin kung mas gusto ninyong magsalita sa wika maliban sa Ingles. Kung tumatawag kayo mula sa labas ng US, gamitin ninyo ang AT&T Direct Access Number para sa inyong bansa para sa tawag. Ang mga numero na ito ay mahahanap sa web site ng Kompanya (<http://www.wrigley.com>) sa bahagi ng

Impormasyon para sa Imbestor. Kung nais ninyong magpatawag sa isang tao mula sa Kompanya, mangyaring iwanan ang inyong pangalan at numero ng telepono, ngunit huwag ibigay ang inyong pangalan, kung ayaw ninyo.

DISIPLINARYONG AKSIYON

Iniuutos ang pagtupad sa MGA ALITUNTUNIN PARA SA KILOS SA PAGNENEGOSYO, at ang lahat ng mga pamamaraan ng Kompanya. Ang anumang paglabag ay maaring mauwi sa angkop na disiplinaryong aksiyon, kasama na ang pagtiwalag. Ang mga dahilan para sa disiplinaryong aksiyon ay:

Mga sadyang paglabag.

Ang hindi pag-ulat ng paglabag.

Ang tuluyan o 'di-tuluyang paghiganti laban sa isang kasosyo na nag-ulat ng paglabag.

Ang pagpapabaya ng isang superbisor na siguruhin ang pagtupad sa MGA ALITUNTUNIN o ang tulong at pag-udyok sa isang paglabag sa ALITUNTUNIN.

This image shows a single sheet of white paper with horizontal ruling lines. The lines are evenly spaced and run across the width of the page. There are no margins, text, or other markings on the paper.

Wm. WRIGLEY Jr. Company
Wrigley Building
410 N. Michigan Avenue
Chicago, Illinois 60611